4

# Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 2

Aralin

7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan Baitang 4**
**Kuwarter 2: Aralin 7 (Linggo 7)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Helengrace A. Lao (Western Mindanao State University)

**Tagasuri**

- Florisa B. Simeon, Ph.D. (Philippine Normal University — Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

**ARALING PANLIPUNAN/ KUWARTER 2 / BAITANG 4**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa sa ugnayan ng tao at heograpiya bilang batayan sa angkop na pagtugon sa mga oportunidad at hamong kaakibat nito. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng gawaing nagsusulong sa pangangalaga at paglinang ng mga pinagkukunang-yaman. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | • Naipaliliwanag ang iba't ibang pakinabang pang-ekonomiko ng mga Pinagkukunang-yaman ng bansa.<br>1. Nailalahad ang mga pang-ekonomiyang aspketo ng pinagkukunang yaman ng bansa<br>2. Nakapaglalahad ng mga iba't bang kahalagahan ng pinagkukunang-yaman sa panbansang-ekonomiya.<br>3. Nakapagsalaysay ng magagandang epekto mula sa mga pinagkukunang yaman ng bansa.<br>4. Naibabahagi ang mga pakinabang pang-ekonomiya mula sa paggamit ng yamang pambansa para sa kabuhayan, kapaligiran at kultura<br>• Natatalakay ang mga hamon at pagtugon sa mga gawaing pangkabuhayan ng bansa<br>1. Nasusuri ang mga iba't bang hamon sa mga gawaing pangkabuhayan ng bansa<br>2. Naiisa-isa ang mga batas at ahensya ng pamahalaan na tumutugon sa pagpapahalaga at pagpapanatili ng mga likas na yaman ng bansa.<br>3. Nakapagbibigay ng mga paraan sa pagtugon sa mga hamon pangkabuhayan ng bansa<br>4. Naipaghahambing ang mga epekto ng hamon at pagtugon ng gawaing pangkabuhayan ng bansa sa kabuhayan, kapaligiran at kultura. |
| **D. Nilalaman** | Mga Pinagkukunang – Yaman ng Bansa (Yamang Tao) |
| **E. Integrasyon** | Kaalaman sa pananalapi o pang ekonomiko (financial literacy)<br>Kaalamang pangkapaligiran (environmental literacy)<br>Lokalisasyon |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Antonio,E., Banlaygas, E. & Antonio,S. (2018). Kayamanan 4. Rex Printing Company<br>Villanueva, V. (2018). #ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino. VMV Publishing House. |

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**1. Munting Balik-Aral**<br><br>Ipagawa sa mga mag-aaral ang sumusunod na gawain:<br><br>**A. Elisi-Serye:** Sa gawaing ito, tutukuyin ng mga mag-aaral ang mga pangangailangan ng isang tao upang mabuhay nang maligaya at matiwasay.<br><br>Narito ang hakbang sa pagsasakatuparan sa gawaing ito:<br><br>1. Iayos ang buong klase na parang elisi <br>2. Bilang guro, tumayo sa pinakagitnang bahagi na simbolo ng poste ng elisi. Ang guro ang maglilikha ng tanong tungkol sa mga pangangailangan ng isang tao upang mabuhay nang maligaya at matiwasay. (Hal. Ano ang gusto ninyong pagkain tuwing Recess time? Ano ang ginagamit natin sa ating buhok upang maging malambot at mabango?, atbp…)<br>3. Bawat mag-aaral ay may hawak na pirasong makukulay na papel.<br>4. Pag-usapan ng buong klase ang katanungan ng guro. Bawat tanong ay may nakatakdang kulay. Dapat isulat ng mag-aaral ang kanyang kasagutan sa tamang kulay.<br>5. Sa hudyat ng guro, ipapasa ng mag-aaral ang kanyang papel. Ang kanang kamay ang magpapasa at ang kaliwang kamay ang tatanggap ng mensahe o kasagutan galing sa katabing kamag-aral. | |

| | | |
|---|---|---|
| | 6. Kapag huminto na ang pagpapasa, bigyang – pagkakataon ang nakatanggap ng mensahe kung tama ang sariling sagot at ng kamag-aral.<br>7. Manatiling nakatayo sa harapan ang sigurado ang sagot, tatalikod ang hindi, at magtataas ng kamay ang nais na makausap ang kamag-aral na pinagmulan ng mensahe.<br>8. Uulitin ang mga hakbang para sa mga susunod na katanungan.<br><br>**B. Papel Ng Karunungan:** Sa puntong ito, magpapaskil ang guro ng isang buong cartolina sa pisara at gawing parang *graffiti wall* . Dito isusulat ng mga mag-aaral ang kanilang haka-haka kung sino-sino ang nakatutulong sa mga mamamayan upang makuha nila ang kanilang mga pangangailangan upang mabuhay nang maligaya at matiwasay. (Hal. Sino kaya ang gumagawa ng ating mga tinapay?) | |
| **B. Paglalahad ng Layunin**<br>*Establishing Lesson Purpose*<br>***(Aims)*** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>**Kilalanin Natin Sila!:** Sino sa tingin ninyo sila? Pangalanan natin ang mga nasa larawan.<br><br>Mula sa: CC BY-SA<br><br>**Itanong sa mga Mag-aaral:** Ano sa tingin ninyo ang kanilang mga serbisyo sa ating komunidad? Sila ba ay nakakatulong sa atin upang matugunan ang ating pangangailangan?<br>Mahalaga ba ang kanilang serbisyo sa ating komunidad? Maituturing ba natin silang Yaman? | **Mga Tamang Sagot:**<br><br>Panadero<br>Mangingisda<br>Doctor<br>Pulis<br><br>**Mga posibleng sagot:**<br><br>Ang Panadero ang isang gumugawa ng tinapay.<br><br>Ang mangingisda ang siyang nangunguha ng isda sa dagat.<br><br>Ang Doktor ang nangangalaga ng ating kalusugan. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

**Buo-Salita:** Ibigay ang mga salita mula sa kulang na mga titik na katumbas sa tawag natin sa yamang ito.

Y__MA__ __ T___O

**Susing-Salita:** Pansinin ang susing salita bilang munting kahulugan sa nabuong salita sa itaas.




Ang "yamang tao" ay tumutukoy sa lahat ng mga kakayahan, talento, at kasanayan ng mga tao. Ito ay ang kabuuang yaman na hatid ng kaalaman, karanasan, at ang kontribusyon ng tao sa lipunan. Kasama rito ang kanilang intelehensiya, kultura, sining, at iba pang aspeto ng kanilang pagkatao na nagdadala ng halaga at kagandahan sa mundo.

</td>
<td>Ang mga Pulis ang namamahala sa ating kapayapaan at kaayusan sa komunidad.</td>
</tr>
</table>

**C. Paglinang at Pagpapalalim**

**IKALAWANG ARAW**

**Pinagkukunang – Yaman (Yamang Tao)**

1. **Pagproseso ng Pag-Unawa**

   **Ambagan:** Ang mga mag-aaral ay bibigyan ng pagkakataon na magpulong-pulong sa kani-kanyang grupo at mag-iisip ng iba pang halimbawa ng yamang tao. Ililista nila ang kanilang mga naisip na halimbawa sa isang cartolina o manila paper. Ilahad sa klase ang naging ambag ng bawat kasapi ng grupo.

2. **Pinatnubayang Pagsasanay**

   **Sino Siya?:** Gamit ang larawan, ipapahula sa mag-aaral ang mga taong tumutugon sa pangangailangan ng komunidad.



**Mga Tanong.** (Ito ay halimbawa lamang, maaring magdagdag)

1. Gumagawa ng mga disenyo para sa mga gusali at istraktura, sino siya?
2. Nananahi ng inyong mga damit, sino siya?
3. Ginagamot ang mga maysakit, sino siya?
4. Namamahala sa paaralan, sino siya?
5. Nangongolekta ng basura, sino siya?

3. **Paglalapat at Pag-uugnay**.

   **Kaya Mo Bang Dagdagan!** Pag-aralan ang talaan sa ibaba. Ito ay nagpapakita ng ating mga pangangailangan at ang mga tao sa ating komunidad na tumutulong sa atin upang matugunan ang mga ito. Madaragdagan mo ba ang nilalaman?

**Mga Taong Tumutugon Sa Ating Mga Pangangailangan**

| NAGBIBIGAY NG PRODUKTO | | |
|---|---|---|
| *PAGKAIN* | *KASUOTAN* | *TIRAHAN* |

Ang guro ay mag-iisip ng kanyang paraan kung paano ang istilo ng pagsagot ng mag-aaral. Maaring gawin itong laro na kung saan mag-uunahan ang mga mag-aaral sa pagsagot.

| | | |
|---|---|---|
| Magsasaka<br>Panadero<br>__________<br>__________ | Modista<br>Manghahabi<br>__________<br>__________ | Inhinyero<br>Arkitekto<br>__________<br>__________ |

| **NAGBIBIGAY NG SERBISYO O PAGLILINGKOD** | |
|---|---|
| *EDUKASYON* | *KALINISAN* |
| Guro<br>Principal<br>__________<br>__________ | Basurero<br>Kaminero<br>__________<br>__________ |
| *KALUSUGAN* | *KAPAYAPAAN/ KALIGTASAN* |
| Doktor<br>Nars<br>__________<br>__________ | Sundalo<br>Pulis<br>__________<br>__________ |

**Pangalanan Mo Nga!** Tutukuyin ng mga mag-aaral kung sino ang nagbibigay ng serbisyo sa mga sumusunod na sitwasyon.

| SITWASYON | YAMANG TAO |
|---|---|
| Ginagabayan ko ang mga mag-aaral na may suliranin. | |
| Agad akong dumarating kung may sunog. | |
| Nababawasn ang mga gulo at nakawan dahil sa akin. | |
| Nililinis ko ang inyong silid-aralan | |

**Mga Tamang Sagot:**
Guidance
Couselor
Bombero
Pulis
Janitor
Magsasaka
Drayber
Sastrera

| | |
|---|---|
| Bumibili kayo sa akin ng mga gulay at prutas. | |
| Sumasakay kayo sa dyip na aking minamaneho. | |
| Ako ang nananahi ng inyong mga damit | |

**IKATLONG ARAW**

1. **Pagproseso ng Pag-unawa**

   **Kartolina Karaban:** Ang mga yamang tao ay maaaring haharap sa iba't ibang mga hamon, at ang mga ito ay maaaring manggaling sa iba't ibang aspeto ng kanilang buhay at karanasan. Narito ang ilan sa mga ito:

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Edukasyon | Kahirapan | Kalusugan | Diskriminasyon | Kapaligiran |

Ang bawat pangkat ay bibigyan ng tiyak na paksa na tatalakayin. Hihikayating maging malikhain ang bawat pangkat sa pagpresenta sa mga maaaring haharapin na hamon Narito ang Rubric sa pagmamarka sa awtput:

| **PAMANTAYAN** | **PUNTOS**<br>*5 ang pinakamataas na puntos* |
|---|---|
| Makatotohanang Nilalaman | |
| Organisasyon ng Ideya | |
| Gramatika | |
| Disenyo | |
| Pagpasa sa Itinakdang Panahon | |
| KABUOAN | |

**Narito ang mga maaaring haharapin na hamon ng mga Yamang Tao:**

**Edukasyon:** Hindi lahat ng tao ay may parehong pagkakataon pagdating sa edukasyon. Ang kakulangan sa mahusay na edukasyon ay maaaring maging isang malaking hamon para sa maraming tao.

**Kahirapan:** Ang kakulangan sa kita ay maaaring maging hamon sa pag-unlad ng isang tao. Ito ay maaaring magdulot ng limitasyon sa mga oportunidad para sa edukasyon, kalusugan, at iba pang mga pangunahing pangangailangan.

**Kalusugan:** Ang mga isyu sa kalusugan, tulad ng sakit o kapansanan, ay maaaring maging hamon sa kakayahang magtrabaho at magsagawa ng iba't ibang gawain.

**Diskriminasyon:** Ang diskriminasyon batay sa kasarian, relihiyon, lahi, o iba pang mga kadahilanan ay maaaring maging hamon sa pag-unlad ng isang tao. Ito ay maaaring humantong sa limitadong oportunidad.

**Kapaligiran:** Ang mga hamon sa kapaligiran, tulad ng natural na kalamidad, ay maaaring makaapekto sa yamang tao ng isang komunidad.

2. **Pinatnubayang Pagsasanay**

**Magpamuna Tayo:** Magbigay ng opinyon hinggil sa pahayag na ito: "Ang Yamang Tao: Ang Pundasyon ng Kaunlaran"

Bigyan – pansin ang pagpapapahalaga sa sumusunod na kahingian ng rubriks:

| Pamantayan | Sobrang Galing (5 puntos) | Magaling-galing (3 puntos) | Magaling (2 puntos) | Kulang sa Galing (1 puntos) |
|---|---|---|---|---|
| **Nilalaman** | | | | |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| May kakayahang maglapat ng ideyang naaangkop sat ema. Malinaw rin ang pagpapahayag ng katwiran. | | | | |
| **Damdamin at Presentasyon**<br><br>Lantad sa pagpapahayag ang marubdob na paninindigan mula sa intensibong pananaliksik. | | | | |
| **Wika at Gramatika**<br><br>Akmang gumamit ng wika. Pumili ng mga angkop na salita upang pagyamanin ang katwiran. | | | | |
| **KABUOAN** | | | | |

</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>

**D. Paglalahat**

</td>
<td>

**IKAAPAT NA ARAW**

Gawing gabay ang kuwadro sa pagtalakay at lubos na pagpapahalaga sa natutuhan sa aralin.

**1. Pabaong Pagkatuto**

**Bintana Ng Pag-Unawa:** Balikan muli ang mga napag-aralang konsepto tungkol sa yamang tao at punan ng mga kaisipan ang mga kahon.




</td>
<td>

Ang mga letrang nakasulat na pahalang ay ang mga kasagutan.

</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | **KAHULUGAN**<br>• Ang "yamang tao" ay tumutukoy sa lahat ng mga kakayahan, talento, at kasanayan ng mga tao. Ito ang kabuuang yaman na dala ng kaalaman, karanasan, at ang kontribusyon ng tao sa lipunan. Kasama rito ang kanilang intelehensiya, kultura, sining, at iba pang aspeto ng kanilang pagkatao na nagdadala ng halaga at kagandahan sa mundo.<br><br>**KAHALAGAHAN**<br>• Ito ay nagsisilbing pangunahing lakas sa pag-usbong ng isang bansa. Ang mga naglalakbay na isipan, talento, at kakayahan ng mga mamamayan ay nagbubunga ng inobasyon, teknolohiya, at iba't ibang anyo ng kaalaman na nagiging pundasyon ng pambansang pag-unlad.<br><br>**KATANGIAN**<br>• Ang yamang tao ay naglalarawan ng isang indibidwal na mayroong mga kagalingan, kasanayan, at mga positibong katangian.<br><br>**HAMON**<br>• Maaring ang hamon ay nagmula sa kanilang edukasyon, kahirapan, kalusugan, diskriminisasyon at kapaligiran.<br><br>**2. PAGNINILAY SA PAGKATUTO**<br><br>**Ano ang** **naranasan habang ginagawa ang mga gawain sa pagkatuto?**<br>______________________.<br>______________________.<br>______________________.<br><br>**naramdaman nang nalaman ang kahalagahan at mga hamon sa ating yamang mineral ?**<br>______________________.<br>______________________.<br>______________________.<br><br>**gagawin upang mapangalagaan ang ating yamang mineral at ang ating kalikasan.**<br>______________________.<br>______________________. | Mahalagang malagom ang naging pagninilay ng mga mag-aaral batay sa naging karanasan sa buong proseso ng pagtuturo. Ang mga kasagutan kaugnay ng naramdaman at naranasan ay makatutulong sa planong gagawin at pagpapaunlad sa mga susunod na pagbuo ng mga gawain at pagsasanay sa iba't iba pang paparating na paksa at aralin. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | ________________________________________. | |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br><br>Ipagawa ang sumusunod na panukat sa pagkatuto sa aralin ng mga mag-aaral:<br><br>A. Bilugan ang salitang hindi kabilang sa bawat pangkat.<br><br>1. Kapayapaan at Kaligtasan<br>Guro<br>Pulis<br>bombero<br><br>4. Paglalakbay<br>drayber<br>piloto<br>minero | |

2. Kalusugan

doktor
dentista
bombero

5. Kalinisan

janitor
Pulis
basurero


3. Pagkain

Panadero
Mangingisda
bombero

**2. Gawaning Pantahanan/Takdang-Aralin**

**Tara't- Maglikha:** Sagutin ang tanong sa loob ng kahon sa pamamagitan ng paggawa ng mga sumusunod na gawain. Pumili lamang ng isang gawain na sa tingin mo ay magagawa mo nang mahusay.

| |
|---|
| Paano mo pinahahalagahan ang mga serbisyo o paglilingkod na ibinibigay ng mga yamang tao sa komunidad? |




Sa paggawa ng gawain, isaalang-alang ang pamantayan ng *rubric na nasa ibaba.*

| **Pamantayan** | **4** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|---|
| KABULUHAN | Lubhang makabuluhan ang mensahe ng sagot sa katanungan. | Makbuluhan ang mensahe. | Hindi gaanong makabuluhan ang mensahe. | Hindi makabuluhan ang mensahe. |
| KALINAWAN NG PAGLALAHAD | Lubhang malinaw ang lahat ng mensahe ng sagot sa katanungan. | Malinaw ang karamihan sa mensahe at pananalitang ginawa. | Hindi malinaw ang karamihan sa mensahe at pananalitang ginawa. | Hindi malinaw ang sa mensahe at pananalitang ginawa. |
| PAGLALAHAD | Kawili-wili at nakahihikayat ang paglalahd. | Epektibo ang paglalahad. | May kaayusan at maliwanag ang paglalahad. | Walang kaayusan at hindi maliwanag ang paglalahad. |

<table>
<tr>
<td>B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>
<table>
<tr><th>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</th><th>Epektibong Pamamaraan</th><th>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</th></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td>
</tr>
<tr>
<td>C. Pagninilay</td>
<td>Pahayag-Paliwanag sa Danas ng Pagtuturo<br><br>Pakiramdam ko, ang linggong ito ay<br><br>sapagkat______________________________________________<br>________________________________________________________.</td>
<td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | Naging mapanghamon ang pagtuturo dahil______________________________________________ ________________________________________________________________________________. Sa huli, nagtagumpay ang pagtuturo sapagkat ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay makikita sa___________________________________________________________________ | ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |